

Guardianship of the Person [pagpangangalaga sa tao]



Self-Prep & File

Magpunta sa <https://www.sanmateo.courts.ca.gov/ogf/> para sa isang program na makakatulong sa inyo na punan ang inyong mga form. O maghanap ng mga individual na form sa: <http://www.courts.ca.gov/forms.htm?filter=GC>

STEP 1:

PUNAN ANG INYONG MGA FORM

Kailangan ninyong punan ang bawat isa sa mga sumusunod na form:

- **[GC-210\(P\)](#)**: Petition for Appointment of Guardian [kahilingan para sa paghirang ng tagapag-alaga]
- **[GC-210\(CA\)](#)**: Guardianship Petition—Child Information Attachment [kahilingan sa pagpangangalaga—kalakip na impormasyon sa bata] (isang nakahiwalay na GC-210(CA) para sa bawat bata)
- **[FL-105/GC-120](#)**: Pagpapahayag tungkol sa mga bata
- **[GC-020](#)**: Notice of Hearing—Guardianship or Conservatorship [patalastas sa paglilitis—pagpangangalaga o pagiging tagapag-ingat]
- **[GC-211](#)**: Consent of Proposed Guardian(s) [pahintulot ng mungkahing (mga) tagapag-alaga]
 - May kapahintulutan ang mungkahing tagapag-alaga na maging isang tagapag-alaga
 - Maaaring ang isang magulang o kasalukuyang tagapag-alaga na magmungkahi sa hihirangang tagapag-alaga
 - Maaaring magbigay ang mga magulang, mga tagapag-alaga, at iba pang mga kamag-anak ng pahintulot sa mungkahing pagpapangangalaga
- **[GC-212](#)**: Confidential Guardian Screening Document [dokumento ng lihim na pagpili sa tagapag-alaga] (dapat punan ng bawat mungkahing tagapag-alaga ang nakahiwalay na GC-212)
- **[GC-248](#)**: Duties of Guardian [mga mga katungkulan ng tagapag-alaga]
- **[Local Form PR-02](#)**: Notification to Court of Address [pagpapatalastas sa hukuman sa mga kinaroroonan]
- **[Local Form PR-18](#)**: Confidential Guardianship Declaration [lihim na pagpapahayag ng pagpangangalaga]



Ano ang kailangan ninyong impormasyon?

Impormasyon tungkol sa bawat bata:

- Buo na legal na pangalan
- Petsa ng kapanganakan
- Kasalukuyang legal na tagapangalaga
- Mga magulang
- Kasalukuyang address, at kung saan nakatira ang bata sa nakalipas na 5 na taon
- Kung ang bata ay isang Native American
- Kung tumatanggap ang bata ng mga pakinabang mula sa gobyerno, kagaya ng Medi-Cal

Impormasyon tungkol sa bawat kamag-anak ng bata:

Kung sino sila, saan sila nakatira, at kung papaano ninyo sila makakapag-ugnayan? Sino sa kanila ang hindininyo mauugnayan, at bakit hindi?

- Tatay
- Nanay
- Kasalukuyang legal na tagapangalaga
- Lolo (ama ng Tatay)
- Lola (ina ng Tatay)
- Lolo (ama ng Nanay)
- Lola (ina ng Nanay)
- Mga kapatid, kabilang na ang mga kinakapatid & kapatid sa ama/ina + mga petsa ng kapanganakan

MAGHANDA RIN NG MGA FORM NA GAGAMITIN NG COURT SA PAMAMAGITAN NG PAGPUNO SA ITAAS NA BAHAGI NG:

- [GC-240](#): Order Appointing a Guardian [kautusan sa paghirang ng tagapag-alaga]
- [GC-250](#): Letters of Guardianship [mga liham sa pagpangangalaga]

KUNG MALIIT O WALANG KINIKITA O NASA PANGPUBLIKONG PAGTULONG ANG BATA, HILINGIN SA COURT NA IPAUBAYA ANG MGA BAYARIN.

Punan ang isa sa bawat bata:

- [FW-001-GC](#): Request for Fee Waiver [kahilingan para sa pagpaubaya sa bayarin]
- [FW-003-GC](#): Order on Waiver [kautusan sa pagpaubaya]

STEP 2:

GUMAWA NG MGA COPY



Gumawa ng kahit man lang 3 na copy ng bawat form. Maaaring kailangan ninyong gumawa ng higit pa.

STEP 3:

IHARAP ANG MGA PAPELES SA COURTHOUSE



Kukunin ng clerk ang inyong mga papeles, tatatakan ang mga ito, at ibabalik ang ilang mga copy sa inyo. Isusulat din ng clerk ang petsa ng paglilitis sa GC-120.

STEP 4:

MAGBIGAY NG PATALASTAS SA INYONG PETITION [kahilingan] – Tinatawag ito na "Service" [paghatid]



May karapatan na mabigyang kaalaman (makakuha ng "patalastas") ang mga magulang ng bata, mga lolo/lola, at mga kapatid (at maaaring iba pang mga tao), kaya dapat silang makakuha ng mga copy ng inyong papeles. Kailangan ding makakuha ng patalastas ang ilang mga ahensya. Dapat na makakuha ang bawat tao na may karapatan na makakuha ng patalastas ng copy ng GC-210: Petition (kasama ang mga kalakip na pahina) at ang GC-020: Notice of Hearing, **maliban kung**:

- nakakuha kayo ng pahintulot na *hindi* kailangang maghatid sa isang tao sa pamamagitan ng paghiling na hindi magbigay ng patalastas (maaari ninyong gamitin ang [template dito](#)) at palalagdaan sa judge ang form [GC-021](#), O
- sumang-ayon ang tao sa pagpangangalaga at ipinaubaya ang patalastas sa GC-211.

ANO ANG SERVICE [paghatid]? PAANO KO ITO MAISASAGAWA? SINO ANG DAPAT NA MAIHATIDAN NANG PERSONAL, at SINO ANG MAAARING MAIHATIDAN SA PAMAMAGITAN NG KOREO?

- [GC-510](#): Ano ang "Proof of Service" [katibayan ng paghatid] sa isang Pagpangangalaga?

Ipinapaliwanag nito kung sino ang dapat na maihatidan nang personal at sino ang maaaring maihatidan sa pamamagitan ng koreo.

Service: Ibig sabihin ng legal na paghatid sa isang tao ay ang isang tao na lampas sa 18 ang edad—hindi kayo—ang dapat na maghatid ng mga papeles. Para sa personal na paghatid, isang tao ang magbibigay ng mga papeles nang personal. Para sa paghatid sa koreo, isang tao ang magpapadala sa koreo ng mga papeles.

Service sa pamamagitan ng koreo: Maaaring maihatid sa koreo ang ilang tao na may kaugnayan sa kaso. Isang tao na lampas sa 18 ang edad—hindi kayo—ang dapat na magpapadala nito sa koreo.

STEP 5:

IHARAP ANG PROOF OF SERVICE SA COURTHOUSE




Kailangan ng court ang katibayan ng paghatid sa mga kinakailangang tao. Sino man ang naghatid ng mga papeles—hindi kayo—dapat nilang punan ang mga form na nagsasabing natapos ang paghahatid. Maaari ninyong tulungan ang inyong tagapaghatid sa pamamagitan ng pagpuno sa mga simula ng mga form na ito.

- [GC-020\(P\)](#): Proof of Personal Service [katibayan ng personal na paghatid] ng Notice of Hearing
- [GC-020](#): Notice of Hearing: Kasama sa form na ito ang PROOF OF SERVICE SA KOREO sa ikalawang pahina; dapat tapusin ng tao na nagpadala sa koreo ang bahaging ito.

STEP 6:

PALALAGDAAN NG CONSENT [kakahintulutan] AT WAIVER [pagpaubaya] ANG LAHAT NG SUMANG-AYON



Lahat ng mga kamag-anak na sumasang-ayon na maaaring kayo ang maging tagapag-alaga, at ayaw nilang makakuha ng mga patalastas tungkol sa mga paglilitis sa hinaharap ay kailangang lagdaan ang GC-211: Consent to Appointment [kakahintulutan sa paghirang].

STEP 7:

MAKIPAG-USAP SA IMBESTIGADOR NG COURT



Maghahanda ang imbestigador ng isang formal na home study [pangtahanang pag-aaral]. Kakapanayamin nila kayo, ang mga bata, at iba pang mga kamag-anak. Dadalawin din nila ang inyong tahanan.

STEP 8:

MAGPUNTA SA PAGLILITIS at saka MAGHARAP NG MGA PAPELES SA CLERK



Pagkatapos magpasya at maglagda ng mga papeles ang judge, dalhin ang Order Appointing Guardian [kautusan sa paghirang ng tagapag-alaga] (GC-240) at Letters of Guardianship (GC-250) sa bintana ng clerk. Kumuha ng kahit man lang 1 na pinatibayang copy para sa bawat tagapag-alaga.



Para sa higit pang impormasyon, dalawin ang:
<https://www.sanmateo.courts.ca.gov/selfhelp>